Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-05 NG MARSO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 35-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA MAGALANG NA HUMIHILING SA PUNONG LUNGSOD, IGG. GILBERT T. GATCHALIAN, NA MAATASAN ANG LAHAT NG NANUNUNGKULAN SA BARANGAY AT PAKIKIPAGTULUNGAN SA AHENSYA NG BUREAU OF FIRE AND PROTECTION - MALOLOS, UPANG MALINIS O' MATABAS ANG MGA DAMUHAN, TALAHIBAN AT MADADAWAG NA LUGAR SA BARANGAY NA MAARING PAGSIMULAN NG GRASS FIRE SA IBA'T-IBANG PARTE NG KALUNSURAN.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. MICHAEL M. AQUINO,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. ENRICO C. CAPULE KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ

SAPAGKAT, tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at mainam na pagtitiyak ng kapakanan ng mga mamamayan nito sang-ayon sa itinatadhana ng Seksyon 16 ng Republic Act 7160 o' mas kilala bilang Local Government Code of 1991;

SAPAGKAT, ang buwan ng Marso ay itinuturing na Fire Prevention Month sa bisa ng Proclamation No. 115-A Series of 1966 at tinagurian din na Burn Prevention Month sa bisa ng Proclamation No. 360 Series of 1989;

SAPAGKAT, ang mga nasabing proklamasyon ay naglalayong maisulong ang kaalaman at kamalayan sa mga mamamayan upang makaiwas sa sakun ang dulot ng sunog;

SAPAGKAT, sang-ayon sa PAG-ASA ang buwan ng Marso ang simula ng pagtaas ng mainit na temperature na siyang nagiging sanhi ng 'grass fire o' bush fire' hindi lamang sa Lungsod ng Malolos, gayundin sa iba't-ibang panig ng bansa;

SAPAKAT, nitong mga nakakaraang taon, makailang beses na naitala ang pagkakaroon ng 'grass fire' sa ilang barangay ng Lungsod ng Malolos;

SAPAGKAT, ang Bureau of Fire and Protection ang ahensya ng gobyerno na may higit na kaalaman sa pag-iwas, pag-apula at pagresponde sa panahon ng sunog at ito rin ang tapagsulong sa mga programang iwas-sunog;

SAPAGKAT, upang maiwasan ito, ang paglilinis ng mga damuhan o' talahiban ay isang hakbang o' pamamaraan upang hindi na muling maulit ang mga ganitong insidente na maaaring magdulot pa ng mas malaking sakuna hindi lamang sa ari-arianng mga mamamayan gayundin sa buhay ng bawat isa;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

SAPAGKAT, napakahalaga rin ang gampanin ng mga namumuno ng bawat barangay sa Lungsod ng Malolos para sa pagpapanatili ng kaayusan lalo't higit sa hakbanging malinis ang mga madadawag na lugar sa kani-kanilang barangay bilang pag-iwas sa sunog;

Kung kaya't, sa pamamagitan ng mungkahi at kahilingan ni Igg. MICHAEL M. AQUINO, na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya na magalang hinihiling sa Punong Lungsod, Igg. Gilbert T. Gatchalian, na maatasan ang lahat ng nanunungkulan sa barangay at sa pakikipagtulungan sa ahensya ng Bureau of Fire and Protection - Malolos, upang malinis o' matabas ang mga damuhan, talahiban at madadawag na lugar sa barangay na maaaring pagsimulan ng grass fire sa iba't-ibang parte ng kalunsuran.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*03052020